


# Filipino

## Unang Markahan - Modyul 8: Pagbibigay ng Paksa sa Napakinggang Kuwento/Usapan



**Filipino– Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 8: Pagbibigay ng Paksa sa Napakinggang Kuwento/Usapan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Melinda Lourdes C. Amoyo

**Editor:** Lea C. Aberia, Shirley B. Bacal, Crescente A. Beato, Ma. Shiela C. Adona,  
Jeriel B. Caracol, Ronald B. Ilaneta

**Tagasuri:** Virginia C. Dulfo, Betsy U. Coching, Eleonor G. Distrajo

**Tagaguhit:** Michael Q. Balan

**Tagalapat:** Michael B. Balan, Kevin Jhod C. Claro, Swelyn E. Forro

**Tagapamahala:**

Ramir B. Uytico

Bernardo A. Adina

Arnulfo M. Balane

Gaudencio C. Albije Jr.

Rosemarie M. Guino

Lea C. Aberia

Teodorico C. Peliño Jr.

Virginia C. Dulfo

Joy B. Bihag

Ma. Teresa B. Afable

Ryan R. Tiu

Shirley B. Bacal

Dandy G. Acuin

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053-832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Unang Markahan - Modyul 8:  
Pagbibigay ng Paksa sa  
Napakinggang Kuwento/Usapan**

# **Paunang Salita**



## **Alamin**



Kumusta ka na kaibigan? Narito na naman tayo sa panibagong paglalakbay. Muli, ako ang iyong kaibigang si Kokoy, ang makakasama at gagabay sa iyo sa araling ito.

Inaasahan na sa pagtatapos ng paglalakbay na ito ay:

1. naibibigay mo ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan;
2. naisusulat mo nang may wastong baybay at bantas ang paksa ng napakinggang kuwento/usapan; at
3. nabibigyang-halaga mo ang pakikinig nang mabuti sa kuwento/usapan.



## **Subukin**

Handa ka na ba kaibigan? Simulan natin ang ating aralin sa pagsagot sa bahaging “Subukin”. Alam kong kaya mo iyan! Maghanap ka ng isang miyembro ng iyong pamilya na babasa ng talata. Makinig ka at unawain mong mabuti ang mga detalye at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.



## Gawain 1

### Cochlear Implant



Ang *Cochlear Implant* ay isang maliit na *electronic device* na ipinapasok sa tainga sa pamamagitan ng isang operasyon. Ito ay nakatutulong upang makarinig ang isang taong walang natural na pandinig o bingi.

Sa pamamagitan ng *auditory nerves*, ang mga signals na nasasagap ng implant ay naipaparating sa utak upang maproseso na siyang nagiging tunog sa pandinig ng tao.

Ito ay may dalawang bahagi, ang panlabas at panloob.



Ang panlabas na bahagi ay sumasagap ng signal sa labas.



Ang panloob na bahagi ay ipinapasok sa loob ng tainga sa pamamagitan ng operasyon. Dinadala sa panloob na bahagi ang anumang *signals* na naririnig patungo sa utak upang iproseso at maging tunog sa pandinig.

- Larawan at akda ni Melinda Lourdes C. Amoyo  
Sabang Central Elementary School  
DepEd Borongan City Division

1. Ano ang *Cochlear Implant*?
2. Paano ito nakatutulong sa mga taong walang pandinig?
3. Ano ang paksa ng binasa mo?

## Gawain 2

(Tatawagin ang pinsang si Tess)

Ann: Tess, halika rito. Bilisan mo ang paglalakad. Baka maluma ang ibabalita ko sa iyo.

Tess: Bakit Ann? Ano naman ang ibabalita mo?

Ann: Nagbunga rin ang aking pagsusunog ng kilay. Nakuha ko ang pinakamataas na marka sa pagsusulit.

Tess: Binabati kita, Ann! Ang galing galing mo talaga!

1. Sino ang magpinsan sa usapan?
2. Bakit tinawag ni Ann ang kanyang pinsan?
3. Ano ang paksa ng kanilang usapan?

## Aralin

# 1

## Pagbibigay ng Paksa sa Napakinggang Kuwento/Usapan



Mahusay ang ginawa mong pagsunod sa panimulang gawain kaibigan. Sa dinami-dami ng iyong napapakinggang impormasyon sa araw-araw ay mahalagang alam mo kung paano tukuyin ang paksa sa mga ito. Sa ganitong paraan, malalaman mo kung aling impormasyon ang tama sa mali. Sa panahon pa naman ngayon kaibigan na lantad ang bawat isa sa *social media*, maraming impormasyon ang gugulo sa iyong isipan.





## **Balikan**

Handa ka na bang makinig ng kuwento kaibigan? Magaling! Ipabasa mo ang kuwento sa iyong magulang. Pakinggang mabuti at unawain ang bawat detalye. Pagkatapos mapakinggan, sagutin mo ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot.



### **Tagtuyot Dala ng El Niño**

Tagtuyot ang hatid ng *El Niño*. Dahil dito, bumababa ang *water level* at nagkukulang sa suplay ng tubig sa mga anyong tubig, gaya ng mga ilog at batis. Nagkukulang din sa suplay ng tubig sa mga imbakan gaya ng La Mesa Dam na matatagpuan sa Lungsod Quezon at Angat Dam sa Bulacan. Ang mga ito ang pinagkukunan ng tubig sa Kamaynilaan at sa mga karatig probinsya nito.

Malaki ang epektong dulot ng *El Niño* sa buhay ng tao. Kukulangin ang suplay ng tubig na inumin, pati na rin ang gagamiting tubig para sa iba pang pangangailangan. Hindi lamang tao ang mahihirapan sa epekto ng tagtuyot. Kung kulang ang tubig, magkakasakit ang mga hayop at maaari rin silang mamatay. Ang tubig ay kailangan din ng mga halaman at kagubatan. Maraming apektadong taniman kung kulang ang patubig. Dahil sa sobrang init, maaaring mag-apoy ang mga puno na nagdudulot ng sunog. Isang malaking tulong sa panahon ng *El Niño* ay ang pagtitipid ng tubig. Iwasang aksayahin at gamitin ang tubig sa hindi mahahalagang bagay.

- Pinagkunan: DepEd Phil-IRI Manual 2018. Pretest in Filipino, p. 86

Mga tanong:

1. Anong uri ng panahon ang nararanasan ng mga tao kapag *El Niño*?  
a. tagtuyot                      b. tag-ulan                      c. taglagas                      d. tagsibol
2. Maliban sa tao, ano-ano pa ang iba't ibang uri ng nilalang ang naaapektuhan tuwing may *El Niño*?  
a. hayop, halaman at gubat  
b. hangin, lupa at buhangin  
c. bato, semento at tubig  
d. ulap, araw at bituin
3. Ano ang hindi nararanasan ng tao at iba pang nilikha kapag tagtuyot?  
a. pag-ihip ng hangin                      c. pag-ulan  
b. pagdilim                      d. pag-araw
4. Ano kaya ang nararamdaman ng mga tao kapag *El Niño*?  
a. giniginaw                      b. masigla                      c. naiinitan                      d. nanlalamig
5. Bakit marami ang magugutom kapag tumagal ang tagtuyot?  
a. hindi makapagtatrabaho ang mga tao  
b. tatamarin ang mga tao dahil sa sobrang init  
c. kukulangin ang tubig sa pagluluto  
d. mahihirapang magtanim sa bukid ang mga magsasaka
6. Bakit mahalagang pag-aralan ang tungkol sa *El Niño Phenomenon*?  
a. upang mapigilan ang lumalalang epekto nito sa buong mundo  
b. upang makahanap ng agarang solusyon sa lumalalang epekto nito  
c. upang maghanda ang tao sa nalalapit na tagtuyot  
d. upang maging alerto sa lahat ng bagay
7. Ano ang sumusunod ay epekto ng *El Niño* sa tao, kalikasan at hayop maliban sa isa.  
a. matinding tagtuyot bunga ng kakaunting pag-ulan  
b. kakulangan ng tubig sa mga taniman  
c. kakulangan ng suplay ng pagkain  
d. matinding pagkulog at pagkidlat



## **Tuklasin**

Basahin at sagutin nang may pang-unawa ang mga seleksiyon sa ibaba. Bigyang-pansin ang wastong baybay at bantas ng mga salitang gagamitin mo sa iyong sagot.

A. Ang mga Pilipino ay dumanas ng iba't ibang pang-aabuso noong panahon ng mga Espanyol. Ilan sa mga ito ang Sistemang Monopolyo sa Tabako na lalong nagpahirap sa mga magsasakang Pilipino dahil ang kontrol sa pagtanim at pagbebenta ng mga ani nito ay nasa mahigpit na pangangasiwa ng mga Espanyol. Nakaranas din ng pang-aabuso ang mga Pilipino sa sistemang Bandala dahil ang mga magsasaka ay binibigyan ng kota sa mga produkto na kailangang ipagbili sa pamahalaan. Binibili ang produkto sa napakamurang halaga. Dahil sa mga pang-aabusong ito, nag-aklas ang mga Pilipino laban sa kanila.

- *Melinda Lourdes C. Amoyo*  
*Sabang Central Elementary School*  
*DepEd Borongan City Division*

1. Ano ang paksa nang binasang kuwento?
2. Paano nagpahirap ang Sistemang Bandala sa mga Pilipino?
3. Ano ang ibinunga ng mga pang-aabusong ito sa mga Pilipino?
4. Tama ba ang ginawang hakbang ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol? Bakit?

B. Malaki ang naitulong sa Pilipinas ng pagbubukas ng Suez Canal para sa pandaigdigang kalakalan. Napadali nito ang biyahe galing sa Pilipinas patungong Espanya dahil mula dalawang buwan ay naging tatlumpong araw na lamang. Napadali at napabilis nito ang pagdadala ng mga kalakal palabas at pabalik ng Pilipinas. Nakatulong din ito upang makapasok ang kaisipang liberal sa ating bansa. Ang Suez Canal ay isang artipisyal na daluyan ng tubig na nagdurugtong sa Mediterranean Sea at Red Sea. Ito ay matatagpuan sa bansang Egypt.

- *Melinda Lourdes C. Amoyo*  
*Sabang Central Elementary School*  
*DepEd Borongan City Division*

5. Ano ang Suez Canal?
6. Saan ito matatagpuan?
7. Paano ito nakatulong sa mga Pilipino? Magbigay ng dalawa.
8. Tungkol saan ang binasang talata?

B. Lolo, ano po ba ang tinatawag na pamanang kalinangan?

Ang pamanang kalinangan ba apo? Iyan ay yaman ng lahing iniwan ng naunang mga Pilipino.

1. Sino-sino ang nag-uusap sa teksto?
2. Ano ang pamanang kalinangan?
3. Ano ang paksa na kanilang pinag-uusapan?



### **Suriin**



Ang galing mo naman kaibigan. Bago ka magpatuloy, suriin mo muna ang gawain sa ibaba.

Isa sa sukatan ng isang mabisang pakikinig ang pagtukoy sa paksa o pangunahing-diwa ng kuwento o seleksiyong napakinggan.

Ang bawat akda, lalo na ang maikling kuwento ay may taglay na pangunahing diwa o paksa. Sa pagkilala sa paksa/pangunahing diwa, mahalagang malaman kung sino, ano at tungkol saan ang akda.

Ang paksa ng isang kuwento ay tumutukoy sa kabuuang ideya, kaisipan o nilalaman nito. Dito umiikot ang kuwento. Ito ang nagsasaad kung ano ang ideyang pinagtutuunan ng pansin.

Mahalaga ring lubusang maunawaan ang bawat talatang binabasa upang masuri ang mahalagang puntong nais ipakita dito.

Narito ang isang halimbawa.

### Seleksiyon 1

Isang natatanging pagdiriwang ang Sunduan. Nagmula ito sa kaugaliang hindi umaalis sa bahay ang dalaga nang nag-iisa. Ang mga dalaga ay sinusundo at sinasamahan sa kanilang nais puntahan. Binubuhay ang kaugaliang ito tuwing sasapit ang pista ng bayan ng Parañaque.

1. Tungkol saan ang seleksiyon?  
Sagot: Tungkol sa Sunduan
2. Ano-ano ang sinasabi tungkol sa Sunduan?  
Sagot:
  - a. Ang Sunduan ay nagmula ito sa kaugaliang hindi umaalis sa bahay ang dalaga nang nag-iisa.
  - b. Ang mga dalaga ay sinasamahan sa kanilang nasi puntahan.
  - c. Binubuhay ang kaugaliang ito tuwing sasapit ang pista ng bayan ng Parañaque.
3. Anong pangungusap ang nagpapahayag ng buong diwa ng kaugaliang Sunduan?  
Sagot: Isang natatanging pagdiriwang ang Sunduan.

Samakatuwid, ang paksa ng seleksiyon ay ang makulay at buhay na tradisyon ng kaugaliang “Sunduan” sapagkat ito ang isinasaad na pangunahing diwa ng talata.

Ngayon, subukan mong sagutin ang susunod na gawain.

### Seleksiyon 2

Rayang: Bal, kumusta naman ang iyong proyekto? Naipasa mo ba?

Bal: Opo, inay, natuwa ang aking guro dahil maganda at kakaiba ang ginawa kong drowing na nagpapakita ng pagtulong ng mga kabataan sa kalinisan ng barangay.

Bert Ganyan nga, pag-iigihan ninyo ang inyong pag-aaral nang makapagtapos kayo at maabot ang inyong mga pangarap.

1. Ano ang pinag-uusapan ng mag-anak?  
Sagot: \_\_\_\_\_
2. Ano ang ikinuwento ni Bal tungkol sa kaniyang proyekto?  
Sagot: \_\_\_\_\_
3. Ano ang paksa ng kanilang usapan?  
Sagot: \_\_\_\_\_



## Pagyamanin

Kumusta kaibigan? Konting-konti na lang matatapos mo na ang mga gawain. Ngayon ay basahin at unawaing mabuti ang mga sitwasyong nakalahad. Ibigay ang paksa ng bawat bilang at isaalang-alang ang wastong baybay ng mga salita.



1. Palosebo: Kumuha ng dalawang kawayang magkasinghaba at magkasinglaki. Ibaon ito sa lupa nang patayo. Tiyaking ang mga ito ay magkapareho ang taas. Lagyan ng langis ang dalawang kawayan upang maging madulas. Dala-dalawa ang kalahok sa larong ito. Mag-uunahan sa pag-akyat ang dalawang kalahok na ito. Sinumang maunang makaakyat sa itaas o kaya'y sa tuktok, ang siyang panalo.

- Pinagkunan: DepEd Learning Resource Portal. 6858  
MISOSA. Ang Pagbibigay ng Angkop na Wakas sa Isang Talata o Kuwento

2. Ang edukasyon ay isang proseso ng pagkatuto. Nagbibigay ito ng pagkakataon para sa magandang kinabukasan. Uunlad ang ating bansa kapag ang mamamayan ay mayaman sa kaalaman. Mapapaunlad niya ang sarili upang makatulong sa iba. Ang edukasyon ang tanging makapagpapaunlad ng ating teknolohiya at kabuhayan ng bansa.

- Pinagkunan: DepEd Learning Resource Portal. 6795  
MISOSA. Ang Pagsulat ng Balangkas

3. Malimit na pagmulan ng sakit ang maruming kapaligiran. Ang kanal na pinagbabahayan ng mga lamok ay di-pansin ng mga taga-nayon. Sa ilang mga liblib na pook ay kulang pa rin sa palikuran. Ang pagwawalang-bahala ng mga mamamayan sa nayon, bayan, probinsya at maging sa siyudad ay patuloy na magdudulot ng suliranin. Lumingon ka at naroon ang polusyon. Bakit hindi tayo magsama-sama? Hihintayin pa ba nating dumami ang magkakasakit? Kumilos ang lahat at linisin ang kapaligiran!

- Pinagkunan: DepEd Learning Resource Portal. 6795  
MISOSA. Ang Pagsulat ng Balangkas



## **Isaisip**



Magaling kaibigan! Naabot mo ang bahaging ito. Punan ng tamang salita ang bawat patlang upang mabuo ang diwa. Huwag kakaligtaang isaalang-alang ang wastong baybay ng salita. Galingan mo!

1. Ano ang paksa?

Ang paksa ng isang kuwento o usapan ay tumutukoy sa pangunahing \_\_\_\_\_ nais \_\_\_\_\_ ng may-akda.

2. Paano mo maibibigay ang tamang paksa ng isang kuwento o usapan?

Maibibigay ang tamang paksa sa pamamagitan ng pagbasa at \_\_\_\_\_ nito nang mabuti.



## Isagawa

Ipabasa mo kaibigan ang seleksiyon sa ibaba sa iyong kapatid o magulang. Makinig ka nang mabuti at sagutin mo ang mga katanungan. Isaalang-alang ang wastong baybay ng mga salita.



1. Ang Pasko ay simbolo ng pagmamahalan at pagbibigayan nating mga tao sa mundo. Tuwing kapaskuhan ay nakadarama ng kasiyahan ang bawat isa at may pagkakaunawaan tayong lahat. Tayong mga Pilipino ay nagluluto sa kani-kaniyang bahay at nagpapalitan ng mga regalo at naglalagay ng mga palamuti sa labas o loob ng bahay natin.
  - A. Ano ang Pasko?
  - B. Ano ang ginagawa nating mga Pilipino tuwing Pasko?
  - C. Ano ang paksa ng seleksiyon?
2. Habang naglalakad si Rey ay nakasalubong niya ang isang matandang lalaki.

Rey: Lolo, akin na po ang iyong ibang dala, ako na po ang magbubuhat.

Mang Kanor: Salamat Rey! Maaari bang tulungan mo na rin ako sa pagtawid?

Rey: Aba'y opo. Saan po kayo papunta? Ihahatid ko nalang po kayo, may dala akong sasakyan.

Mang Kanor: Diyan lang sa kabilang kanto. Maraming Salamat uli sa iyo.

Rey: Walang anuman po. Karangalan ko pong makatulong sa iba.

  - A. Sino-sino ang nag-uusap sa seleksiyon?
  - B. Anong pag-uugali mayroon si Rey batay sa kanyang ipinakita kay lolo?
  - C. Ano ang paksa ng kanilang usapan?





## Tayahin



Isang pagbati kaibigan. Napakagaling mo dahil natapos mo ang aralin natin sa modyul na ito. Tingnan natin kung may natutuhan ka sa araling ito. Ipabasa nang malakas sa iyong nanay o kapatid ang akda sa ibaba. Batay sa napakinggan, subuking ibigay ang paksa ng bawat talata gamit ang wastong baybay nito.

### **Biyaya ng Bulkan**

Isa sa mga ipinagmamalaking bulkan sa bansa ang Bulkang Mayon na matatagpuan sa Albay. Tanyag ang bulkang ito dahil sa taglay nitong halos perpektong hugis apa. Dinarayo ito ng mga dayuhang bisita, maging ng mga kapwa Pilipino.

Sinasabing ang Bulkang Mayon ang pinakaaktibong bulkan sa Pilipinas dahil sa dalas ng pagsabog nito. Pinakamatindi ang pagsabog nito noong Pebrero 1, 1814, kung saan ang mga bayan sa paligid nito ay natabunan at mahigit sa 1200 katao ang namatay. Maraming nasirang bahay sa paligid ng bulkan, pati na rin ang malaking simbahan ng Cagsawa. Ang natitirang alaala na lamang ng simbahan na ito ay ang tore nito na makikitang malapit sa bulkan.

Bagamat mapanganib ang Bulkang Mayon, isa rin naman itong biyaya sa mga naninirahan malapit doon. Ang mga umagos na lupa at abo sanhi ng mga pagsabog ay nagsilbing pataba pagkalipas ng ilang taon.

Bilang patunay, itinuturing ang Albay na isa sa mga may mayayamang lupang sakahan sa rehiyon ng Bicol. Sa mga lupang sakahang ito nagmumula ang mga produktong abaka, niyog, palay at gulay.

- *Pinagkunan: DepEd. The Philippine Informal Reading Inventory Manual 2018 - Panimulang Pagtatasa sa Filipino, Ikalimang Baitang, Set C, p. 122*

## Akda 1

Talata 1: \_\_\_\_\_

Talata 2: \_\_\_\_\_

Talata 3: \_\_\_\_\_

Talata 4: \_\_\_\_\_

Pangkalahatang paksa ng kuwento: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Daisy : Ann, halika rito. May magandang balita ako sa iyo.

Ann : Ano bang ibabalita mo Daisy?

Daisy : Alam mo ba na ikaw ang nanguna sa pagsusulit natin sa asignaturang computer?

Ann : Talaga? Hindi ka nagbibiro?

Daisy : Oo, hindi ako nagbibiro. Tiyak na babatiin ka ng ating guro mamaya.

## Akda 2

1. Sino-sino ang nag-uusap sa akda?
2. Bakit binati ni Daisy si Ann?
3. Ano ang paksa ng usapan?



## ***Karagdagang Gawain***

Naging malawak na ang iyong kaalaman kaibigan. Binabati kita sa angkin mong galing!

Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Punan ng tamang salita ang bawat patlang upang mabuo ang diwa. Huwag kakaligtaang isaalang-alang ang wastong baybay ng salita.



Isa sa mga katangiang ipinagmamalaki ng mga Pilipino ay ang maayos na pagtanggap sa mga panauhin. Kapag ang isang pamilya ay may inaasahang bisita, bawat isa ay nagiging abala sa paghahanda. Nililinis at inaayos ang buong kabahayan, nagluluto ng masarap na pagkain at naghahanda ng maraming prutas at inumin. Pinagkakaabalahan din nila ang maipapauwing pasalubong ng panauhin.

- *Sierra Mae Paraan (2016). Leveled Reader in Filipino. Ang Dula, pp. 23-30. Produced for the Department of Education under the Basa Pilipinas Program.*

Mga tanong:

1. Ayon sa talata, anong katangian ang maipagmamalaki ng mga Pilipino?
2. Ano-ano ang ginagawa ng isang pamilyang Pilipino kung may inaasahang panauhin? Magbigay ng tatlo.
3. Ano ang paksa ng talata?



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.

1. Ang *Cochlear Implant* ay isang maliit na *electronic device* na ipinapasok sa tainga sa pamamagitan ng isang operasyon.
2. Sa pamamagitan ng *auditory nerves*, ang mga signals na nasasagap ng implant ay naipaparatig sa utak upang maproseso na siyang nagiging tunog sa pandinig ng tao.
3. Ang paksa ng binasa ko ay Cochlear Implant

B. 1. Tess at Ann  
 2. May ibabalita siya  
 3. Ang bunga ng pagsusunog ng kilay ni Ann.

**Balikan**

1. a
2. a
3. c
4. c
5. d
6. b
7. d

**Tuklasin**

A.1. Ang mga Pilipino ay dumamas ng iba't ibang pang-aabuso noong panahon ng mga Espanyol

2. Ang Sistemang Bandala ay nagpahrap sa mga masasakang Pilipino dahil binigyan sila ng kota sa mga produktong kailangang ipagbili sa pamahalaan at binibili ang produkto sa napakamurang halaga

3. Dahil sa mga pang-aabusong ito, nag-aklas ang mga Pilipino laban sa kanila.

4. Ang sagot ay depende sa ibingay ng bata

B. 1. Ang Suez Canal ay isang artipisyal na daluyan ng tubig na nagdurugtong sa Mediterranean Sea at Red Sea.

2. Ito ay matatagpuan sa bansang Egypt.

3. Napadali at napabilis nito ang pagdadala ng mga kalakal palabas at pabalik ng Pilipinas. Nakatulong din ito upang mapasok ang ating bansa ng mga kaisipang liberal.

4. Malaki ang natulong sa Pilipinas nang pagbubukas ng Ang Suez Canal para sa pandaidigang kalakalan.

C. 1. Iloilo at apo  
 2. Ito ay yaman ng lahing iniwan ng naunang Pilipino.  
 3. Pamanang Kalinaganagan

**Pagymainin**

1. Mga hakbang salarong Palosebo
2. Ang edukasyon ay isang proseso ng pagkatuto.
3. Malimit na pagmulan ng saktang maruming kapaligiran
1. Ideya, palutangin
2. pagsuri

**Karagdagang Gawain**

1. Mabuting pagtanggap sa mga panauhin.
2. A. naglilinis at nag-aayos  
b. naghahanda ng pagkain  
c. naghahanda ng ipapawing pasalubong
3. Mabuting katangian ng mga Pilipino

**Isagawa**

1.
  - A. Ang Pasko ay simbolo ng pagmamahal at pagbibigayan.
  - B. Tuwing Pasko, tayong mga Pilipino ay naglutu sa kami-kaniyang bahay at nagpapalitan ng mga regalo, at tayo ay naglalagay ng mga palamuti sa labas o loob ng bahay natin
  - C. Ang Pasko
2.
  - A. Mang Kanor at Rey
  - B. matulungin at/o may pag-aalala
  - C. Ang pagtulon ng ni Rey kay Mang Kanor o Ang pagiging matulungin ni Rey.

**Tayahin**

Akda 1.

Talata 1: Isa sa mga ipinagamalaking bulkan sa bansa ang Bulkanng Mayon na matatagpuan sa Albay.

Talata 2: Sinasabing ang Bulkanng Mayon ang pinaka-aktibong bulkan sa Pilipinas

Talata 3: Ang Bulkanng Mayon ay isa rin biyaya sa mga naninirahan malapit doon

Talata 4: Itinuturing ang Albay na isa sa mga may mayayamang lupang sakahan sa rehiyon ng Bicol

Pangunahing paksa o kaisipan kuwento: Ang biyaya ng Bulkanng Mayon

Akda 2.

1. Sina Daisy at Ann
2. Dahil nakakuhang siya ng *perfect score* sa pagsusulat
3. Ang magandang balita

## ***Sanggunian***

DepEd Learning Resource (LR) Portal. Retrieved at [lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/6858](http://lrmds.deped.gov.ph/pdf-view/6858).

DepEd. The Philippine Informal Reading Inventory Manual (2018).  
Panimulang Pagtatasa sa Filipino 5, p. 86 and 122.

Paraan, Sierra Mae (2016). *Leveled Reader in Filipino*. Basa Pilipinas Program of the U.S. Agency for International Development (USAID), pp. 23-30.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)